


# Carlo Acutis: Ang Cyber-Apostle ng Eukaristiya



Artwork by Nov. H'Alang, MSBS







Sabado ng umaga noon at napakaganda ng panahon. Wala ring pasok kaya't si Marco ay nagvi-video game lang habang nagluluto ang nanay niya at ang tatay niya'y naglilinis ng hardin.

Marco!!!  
Pwede bang tigilan mo na muna ang pagvi-video game at tulungan ang tatay mong magdamo sa hardin?



Sa pangungulit ng nanay niya, masama ang loob na itinigil ni Marco ang paglalaro, pinatay ang kompyuter at pumunta sa hardin upang tulungan ang tatay niya.






Pagsapit ng tanghaling tapat, tinawag sila ng nanay niya para mananghalian.



Masama pa rin ang loob ni Marco sa nanay niya dahil sa nahinto niyang paglalaro, nanatiling tahimik si Marco sa hapag-kainan.





Pagkatapos ng tanghalian, naisipan niyang gawin ang kanyang takdang-aralin sa Christian Living. Pinapasulat sila ng kanilang titser ng di-makakalimutang karanasan kaugnay ng Eukaristiya.



Binuksan ni Marco ang kompyuter at naghanap sa internet ng mga interesanteng kwento kaugnay ng Eukaristiya.





Natagpuan niya ang website na naglalaman ng koleksyon ng mga kwento ng milagro ng Eukaristiya sa buong mundo. Si Carlo Acutis ang nagsaayos ng website na iyon.



Sa pag-click niya sa unang panel ng mga himala ng Eukaristiya, lumabas ang larawan ng isang batang lalaki na nakapulang t-shirt at sa tabi niyon ay ang larawan niyang nakahilig sa dibdib ni Hesus.





Napukaw ng larawang iyon ang interes ni Marco kung kaya't pinagpatuloy niya ang pagbabasa sa kwento ng buhay ni Carlo Acutis.






Si Carlo Acutis ay ipinanganak sa London noong Mayo 3, 1991 sa mag-asawang Italyano na sina Andrea Acutis at Antonia Salzano.



Di-nagtagal pagkatapos ng kanyang kapanganakan, lumipat ang kanyang pamilya sa Milan, Italya.





Ang kanyang mga magulang ay hindi masyadong relihiyoso, ngunit salamat sa biyaya ng Panginoon na gumagabay sa mga kaluluwa, napukaw sa kanya ng interes sa mga relihiyosong gawain. Sa murang edad, marami siyang tanong tungkol sa pananampalataya, at ang kanyang yayang taga-Poland ang nagbigay-kasagutan sa kanya.





Simula noo'y palagian na siyang dumadalo sa Misa at nagdarasal ng Santo Rosaryo.






Linggo-linggo rin siyang nagkukumpisal. Pagkatapos ng Misa, palagi siyang nakikitang nakaluhod sa harap ng Tabernakulo at tahimik na pinagninilayan ang presensya ng Diyos.






Buo ang kanyang paniniwala sa tunay na presensya ni Hesus sa Eukaristiya, katulad nang Siya'y nabubuhay pa sa bansang Israel, dalawang libong taon na ang nakalilipas.



Ang Jerusalem ay malapit na lang sa atin. Noong panahon ni Hesus, naglalakbay pa ang mga tao sa malayo't mahirap na daan para makita si Hesus. Maswerte tayo ngayon dahil nakikita natin siya sa ating mga simbahan.



Lubos niyang kinagiliwan ang taimtim at makahulugang mga sandali ng pagdarasal sa harap ng Banal na Sakramento kaya't di niya napigilang magtanong...






Nagpasya si Carlo na gawin ang kanyang makakaya upang matulungan ang iba na mahalin ang Eukaristiya at pasiglahin ang kanilang pananampalataya.



Ginamit niya ang kanyang kaalaman sa paggamit ng kompyuter at internet upang lumikha ng isang website na maglalaman ng mga himala ng Eukaristiya sa iba't ibang panig ng mundo. Sa tulong ng kanyang pamilya, natapos niya ang proyekto pagkatapos ng halos dalawa at kalahating taon.





Ang pag-ibig ni Carlo sa Ekaristiya ay nakita rin sa kanyang pamumuhay. Nagmalasakit siya sa kanyang mga kaibigang hiwalay ang mga magulang. Kaya naman, inanyayahan niya sila sa kanilang tahanan upang ipadama sa kanila ang kanyang suporta.



Ipinagtanggol niya ang kanyang mga kapwa bata, lalo na ang mga may kapansanan, laban sa mga bully.





Normal siyang teenager na marunong maglibang. Naglalaro siya ng soccer at ang mga paborito niyang gawin ay pamamasyal sa ibang lugar, panonood ng mga pelikula, pag-edit ng komiks at paglalaro ng mga PlayStation video game.



Gayunpaman, nagpasya siyang limitahan lamang sa isang oras ang paglalaro at itinuring iyon na isang maliit na sakripisyo na inialay nya sa Diyos.



Mahilig siyang maglakad lakad sa kapitbahayan at tuwing may nakakasalubong siya, di niya nakakalimutang ngumiti or bumati. Wala siyang pinipili. Ganito rin ang trato niya sa mga mahihirap at walang tahanan, sa mga gwardiya at iba pa.









Minsa'y ginamit niya ang kanyang pera upang bumili ng mga banig para sa mga taga-lansangan.





Sa edad na labinlima, napag-alaman ni Carlo na siya'y may kanser sa dugo o leukemia. Ngunit sa kabila ng kanyang sakit, nanatiling masaya si Carlo at hindi siya naghinanakit sa Diyos. Sa halip, itinuring niya ang kanyang sakit na panibagong paraan ng pag-aalay ng buhay para sa Kanya.





Inialay niya ang lahat ng kanyang pagdurusa para sa Santo Papa at para sa Simbahan.






Noong Oktubre 2006, sa edad na 15, namatay si Carlo Acutis, ngunit ang kanyang alaala ay nabubuhay sa maraming tao na naantig sa kanyang halimbawa at kabutihan. Sa araw ng kanyang libing, ang simbahan ay puno ng mga tao.






Ang kanyang nagawang online eksibit ng mga himala ng Eukaristiya ay patuloy na tumutulong sa mga tao na palalimin ang kanilang pananampalataya sa Eukaristiya. Dahil dito, tinawag na CYBER-APOSTLE ng Eukaristiya si Carlo Acutis.



Ipinagpapatuloy ni Carlo Acutis ang gawain ng ebanghelisasyon kahit siya'y namatay na. Noong 2020, kinilala ng Simbahan ang kanyang kabanalan at siya'y tinanghal na isang Beato.





Sa muling pagsulyap sa maaliwalas na mukha ni Carlo Acutis, naramdaman ni Marco na may nagbago sa kanyang kalooban.






Gusto rin niyang makita si Hesus sa Eukaristiya. Nais niya Siyang makausap at hilingin sa Kanyang tulungan siyang maging mabuting tao tulad ni Carlo Acutis.




Isang maikling panalangin ng pasasalamat ang inusal ni Marco sa Panginoon para sa kanyang natutuhan sa araw na iyon.






Pinatay ni Marco ang kompyuter at masaya niyang pinuntahan ang kanyang ina at nagboluntaryong tumulong sa paghahanda ng hapunan ng pamilya.




Linggo kinabukasan, at masayang sumama si Marco sa kanyang mga magulang upang makiisa sa pagdiriwang ng Banal na Misa sa Parokya.




~Wakas~









## PANALANGIN KAY BEATO CARLO ACUTIS

Kapistahan: Oktubre 12

O Ama, pinagkalooban Mo ng maalab na pagpapatotoo  
ang kabataang lingkod Mo na si Carlo Acutis,  
na ang Eukaristiya na sentro ng kanyang buhay  
at pang-araw-araw na gawain,  
at dahilan din upang ang iba ay mahalín Ka ng higit sa lahat,  
pahintulutan Mo nawang mapabilang siya  
sa hanay ng mga Banal ng Iyong Simbahan.

Pagtibayin mo ang aking pananampalataya,  
palusugin ang aking pag-asa at muling palakasin ang aking  
pagmamalasakit sa kapwa ayon sa halimbawa ng Binatang Carlo,  
na namuhay sa Iyo na umunlad sa mga ganitong kabanalan.

Matanggap ko nawa ang biyayang hinihiling  
(Banggitin ang Kahilingan). Nagtitiwala ako sa Iyo, Ama,  
at sa Iyong Bugtong na Anak na si Jesus,  
sa Birheng Maria, aming masintahing ina  
at sa pagdalangin ng Iyong lingkod na si Carlo Acutis.  
Amen.

*Beato Carlo Acutis, ipanalangin mo kami!*



A portrait of a young man with dark, curly hair, smiling gently. He is wearing a dark blue sweater. Behind his head is a large, glowing white halo with a yellow-to-green gradient. The background is a solid light blue.

**Beato Carlo Acutis,  
ipanalangin mo kami.**

*Missionary Servants of the Blessed Sacrament (AMSS)*

# 25 Jaime St. Carmel 1 Subd.  
Brgy. Bahay Toro, Quezon City  
Tel. No. 02-8525-4930

Mabini Ext., San Jose,  
Occidental Mindoro  
Tel. No.: 043-491-5542

#158, 8th St. Naung Yah (A),  
Loikaw, Kayah State, Myanmar  
Tel. No.: 0095-83-22-22804

St. Raphael, the Archangel Parish  
Looc, Occidental Mindoro

Jln. Don Silipi, Desa Nita  
Kec. Nita, Kab. Sikka, RT/RW.001,  
Maukere, Indonesia